



Paunawa Mangyaring gamitin ang Multilingual Consultation Desk



Maaari kayong kumonsulta tungkol sa inyong mga problema sa pamumuhay sa iba't ibang wika. Bukod dito, nagsasalin kami ng mga dokumentong isusumite sa Ota City Office nang may bayad.

① Pangkalahatang konsultasyon

(libre; hindi kailangan ng reserbasyon)

Oras na bukas ang desk: Weekdays 10:00 am - 5:00 pm

② Dalubhasang konsultasyon kasama ng abogado

(libre; kailangan ng reserbasyon)

- Oras ng konsultasyon

Ika-1 at ika-3 Linggo 1:00 pm - 5:00 pm

- Mga sinusuportahang wika

Ingles, Intsik, at Tagalog

Kung nais ninyo ng tagapayo na nakakapagsalita ng ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang maaga.

③ Pagsasalin ng mga dokumento

Isasalin namin sa wikang Hapon ang mga dokumentong isusumite sa Ota City Office.

*Hindi namin maaaring isalin ang mga dokumentong isusumite sa embahada o Immigration Services Bureau. Hindi rin kami nagsasalin sa isang araw lang.

- Mga sinusuportahang wika

Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali, at Vietnamese

- Bayad 500 yen kada isang dokumento

Wika	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Ingles	●	●	●	△	●
Intsik	●	●	△	●	●
Tagalog	●	△	△	△	●
Nepali	●	△	●	△	△
Vietnamese	△	△	△	●	△

*Ang mga araw na may ● ay mga araw kung kailan may mga tagapayo na nakakapagsalita ng bawat wika (Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali, at Vietnamese). Kung nais ninyo ng tagapayo na nakakapagsalita ng ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang maaga.

*△... Kung walang available na tagapayo na nakakapagsalita sa wikang inyong nais, maaari kayong kumonsulta sa pamamagitan ng paggamit ng translation machine o serbisyo ng online interpreter.

📍 Ota International Exchange Center (Minto Ota)
2F, 4-16-8 Kamata, Ota-ku

☎ Multilingual Consultation Desk, Global City Ota
Cooperation Association

☎ 03-6424-4924 Fax 03-6424-4926

Email : soudan.tagengo@ota-goca.or.jp



Paunawa

Kahit baguhan pa lang, walang dapat ipag-alala: Mga boluntaryong Japanese class

Sa mga boluntaryong Japanese class sa Ota City, maaari kayong sumali nang walang pag-aalala kahit na ito ang unang beses ninyo. Tututukan ang pagsasanay ng wikang Hapon na ginagamit sa araw-araw na pamumuhay. Ang araw, lugar, nilalaman, at halaga ay nag-iiba depende sa klase. Kaya mangyaring kumpirmahin ang website, at para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa bawat klase.



Community Collaboration and
Multicultural Cohesion Section,
Community Activities Promotion
Division

☎ 03-5744-1227

Fax 03-5744-1323

Email : t-kokusai@city.ota.tokyo.jp

Narito ang mga
boluntaryong
Japanese class



Kaganapan

Lecture sa Wikang Hapon “Basahin ang mga Handout mula sa Paaralan”

Ito ay isang lecture sa wikang Hapon kung saan pag-aaralan ang mga kahulugan ng mga salitang partikular sa paaralan at mga tip kung paano basahin ang mga ito, upang maunawaan ang mga handout na ipinamamahagi ng paaralan. Mangyaring mag-apply kung kayo ay interesado.



Enero 20, Enero 27, Pebrero 3, Pebrero 10, Pebrero 17, 2026 (Martes)
10:00 am - 12:00 pm



Ota International Exchange Center (Minto Ota) 2F, 4-16-8 Kamata,
Ota-ku



Libre



Mga kwalipikado:

- Mga dayuhang magulang na may anak na pumapasok sa elementary at junior high school
- Mga dayuhang magulang na may anak na planong pumasok sa elementary school sa Ota City sa Abril 2026
- Mga alam na ang hiragana at katakana, at marunong makipag-usap sa wikang Hapon.



Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981

Fax 03-6410-7982

Email : mail@ota-goca.or.jp

Para sa mga detalye,
mangyaring tingnan
ang aming website.



Paunawa

Tungkol sa aplikasyon para sa paggamit ng childminder mula Abril 2026

Ang childminder ay isang sistemang nagbibigay ng serbisyong pangangalaga para sa mga batang ang mga magulang ay nagtatrabaho, naghahanap ng trabaho, manganganak, o naka-childcare leave. Mula Abril 2026, tatanggap kami ng aplikasyon mula sa mga taong nais gumamit ng serbisyong ito. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang aming website o makipag-ugnayan sa amin.



Panahon ng Aplikasyon: Pebrero 24 (Martes) hanggang Marso 6 (Biyernes), 2026



23,000 yen kada buwan (hanggang 8 oras kada araw 8:00 am - 5:00 pm) *Ang bayad para sa extension ay 250 yen bawat 30 minuto. May sistema ng tulong na may maximum na 20,000 yen kada buwan.



Nag-iiba depende sa childminder. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.



Tatanggapin ang aplikasyon sa Nursery Services Division, ika-3 palapag ng Ota City Office.

Kung kayo ay personal na pupunta sa Opisina, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang maaga.



Nursery Staff Guidance Section,
Nursery Services Division

☎ 03-5744-1643 Fax 03-5744-1715



Kaganapan

"Masayang Pagbabasa ng Maraming Wikang Hapon at Ingles" Workshop

Ang mga non-native sa wikang Hapon ay magbabasa ng maraming libro na nakasulat sa "Simpleng Hapon", at ang mga non-native sa wikang Ingles ay magbabasa ng maraming libro sa "Wikang Ingles". Ang level ng mga libro ay nahahati rin sa beginner hanggang advanced. Maaari rin ninyong ma-enjoy ang pag-aaral ng mga kaugalian, kultura ng Japan at iba pang bansa. Mayroon ding exchange meeting sa pagitan ng mga kalahok pagkatapos ng workshop.

- 🕒 Pebrero 15, 2026 (Linggo) 2:00 pm - 4:00 pm
- 📍 Ika-2 palapag ng Ota City Omori-Minami Library Multipurpose Room
1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku
- 📖 Libre
- 👤 10 katao para sa wikang Hapon at 10 katao para sa wikang Ingles (kailangan ng reserbasyon)
- 📄 Tumawag o personal na pumunta sa library
- 📞 Omori-Minami Library
☎ 03-3744-8411
Fax 03-3744-8421



Paunawa

Tungkol sa pagbabayad ng resident tax

Ang ikaapat na deadline para sa pagbabayad ng special city residence tax/metropolitan residence tax (resident tax), at forest environmental tax ay sa Pebrero 2, 2026 (Lunes). Mangyaring magbayad hanggang sa deadline.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa tax, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

- 📞 Sa tanggapan, mangyaring tingnan ang paunawa na inyong natanggap.

☎ Tax Payment Division

Omori District 03-5744-1200

Chofu District 03-5744-1201

Kamata District 03-5744-1202

Sa labas ng Ota City 03-5744-1203

Fax 03-5744-1517



Paunawa

Nais ninyo bang magsilbi bilang "Minto Friends"?

Sa opisyal na Facebook ng Ota International Exchange Center (Minto Ota), namamahagi ng impormasyong tungkol sa Japanese class, mga kaganapan, at iba pa, bukod pa sa pagkakaroon ng Multilingual Consultation Desk. Ang [Minto Friends] ay ang mga taong nakakaalam ng mga impormasyong ito at ipinaalam ito sa kanilang mga kaibigan. Hindi kailangan magrehistro ng mga taong nasa elementarya o pataas na interesado sa international exchange at multiculturalism. Mangyaring i-follow ang account ngayon. Tawagin ang sarili bilang [Minto Friends] at ipalaganap ang impormasyon sa iyong mga kaibigan at kakilala!

- 📞 Community Collaboration and Multicultural Cohesion Section, Community Activities Promotion Division

☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323

Email : t-kokusai@city.ota.tokyo.jp

Narito ang website ng Minto Friends



Narito ang opisyal na Facebook ng Minto Ota



Paunawa Ika-16 Gurutto ng 5 Town Assembly! Minemachi Quiz Rally

Ito ay isang quiz rally kung saan ang mga lalahok ay maglalakad o magbibisikleta sa paligid ng bawat spot sa 5 town assembly sa Minemachi District at sasagutin ang mga quiz at keyword problems na may kaugnayan sa mga paghahanda sa sakuna sa rehiyon, na naka-istasyon sa mga spot. Mamamahagi ng premyo para sa mga kalahok sa Minemachi Branch Office para sa mga nasagutan nang tama ang lahat ng tanong sa quiz.

🕒 Panahon ng pag-post ng quiz: Pebrero 2 (Lunes) - 15 (Linggo), 2026

Panahon ng pamamahagi ng premyo para sa mga kalahok:

Pebrero 13 (Biyernes) - 15 (Linggo), 2026

10:00 am - 4:00 pm

📍 Bawat spot sa 5 town assembly sa Minemachi District at Minemachi Branch Office 7-1 Den-enchofu-Honcho, Ota-ku

🆓 Libre

👤 Walang limitasyon

📄 Hindi kailangan ng advance application

📞 Minemachi Branch Office

☎ 03-3722-3111 Fax 03-3721-1493

Email : minemati@city.ota.tokyo.jp



Paunawa Ika-13 Sakura Festival

Bukod sa mga espesyal na lecture, hand-made experience, Boccia experience session, atbp., may mga masasayang kaganapan tulad ng pagtatangal ng Yukigaya Taiko, banda ng Omori Dairoku Junior High School, music bell concert, atbp. Inaanyayahan namin kayong dumalo kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan.



🕒 Marso 15, 2026 (Linggo)

9:30 am - 4:30 pm

📍 Ota City Senzoku Community Center
2-35-2 Kamiikedai, Ota-ku

🆓 Bayad sa pagpasok: Libre
*May ilang kaganapan na may bayad

📞 Tumatanggap sa telepono o sa tanggapan

📺 Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang aming website

📞 Ota City Senzoku Community Center

☎ 03-3727-1461

Fax 03-3727-1462



Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Zoshiki.

Inilathala Ota City Community Activities Promotion Division,
Community Collaboration and Multicultural Section

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)

☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan
(131 wika ang sinusuportahan)



▼ Multilingual Consultation Desk



Posibleng makita ang back issue ►

